## Tala: 1

Dilation and Curettage(includes abstract) Andrews J; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - procedure) CINAHL AN: 2010052410

Abstract: Ang dilation ay ginagawa upang buksan at paluwangin ang kuwelyo ng matris. Ang kuwelyo ng matris ay ang daan papasok sa matris. Ang pagraraspa (curettage ) ay ginagamit upang kumuha ng sample ng panloob na balat ng matris. Ang panloob na balat ay kilala bilang endometrium.

View English

**Database:** Consumer Health Information -- Tagalog

# Dilation and Curettage

**(D&C)**

ng: Pamatnugutan at Mga Nag-ambag

[View English Version]

**Kahulugan**


Ang dilation ay ginagawa upang buksan at paluwangin ang kuwelyo ng matris. Ang kuwelyo ng matris ay ang daan papasok sa matris.

Ang pagraraspa (curettage ) ay ginagamit upang kumuha ng sample ng panloob na balat ng matris. Ang panloob na balat ay kilala bilang endometrium.

**Mga Sangkot na Bahagi ng Katawan**

- Puwerta
- Kuwelyo ng matris
- Matris

**Dilation and Curettage**



*© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.*

**Mga Dahilan para sa Proseso**

## Gamit/Kontra-gamit

- Ginagamit ang D&C upang malaman ang mga kondisyong nagdudulot ng di-normal na pagdurugo:

    - Pagkakakunan
    - Mga problema sa pagreregla
    - Pagdurugo pagkatapos ng menopause
    - Endometrial polyps
    - Endometrial hyperplasia
    - Endometrial cancer
- Hindi ginagamit ang D&C (halimbawa, hindi ipinapayo) sa:
    - Impeksiyon ng matris
    - Impeksiyon ng fallopian tubes

**Mga Panganib para sa mga Kumplikasyon sa Panahon ng Proseso**

- Naroroon nang impeksiyon
- Naroroon nang kondisyon ng puso o ibang kondisyong medikal

**Anong Maaasahan**

## Bago ang proseso

Sa mga araw palapit sa proseso, ayusin ang sasakyan papunta at pabalik mula sa proseso.

## Anesthesia

- General o local anesthesia

## Paglalarawan sa Proseso

Gagawin ang pagsusuri sa buto ng balakang upang malaman ang sukat at kinaroroonan ng matris. Nililinis ang puwerta at kuwelyo ng matris gamit ang solusyong pandisimpekta. Inilalagay ang isang speculum sa puwerta. Inilalagay ang isang instrumentong tinatawag na cervical dilator sa kanal ng kuwelyo ng matris. Ipinapasok ang instrumentong hugis pansalok, tinatawag na curette. Ginagamit ito upang kayurin ang panloob na balat ng matris at tanggalin ang tissue sa pamamagitan ng puwerta. Pagkatapos makakuha ng sample ng endometrium, tinatanggal ang instrumento sa kuwelyo ng matris.

## Pagkatapos ng Proseso

Sinusuri ang tissue sa laboratoryo.

## Gaano Katagal Ito?

Mga 10 minuto

## Masakit Ba?

Pipigilin ng general anesthesia ang pananakit habang ginagawa ang D&C. Sa local anesthetic, karamihan ay nag-uulat ng ilang pamumulikat at pananakit ng likod. Maaari itong magtagal nang isang araw pagkatapos ng proseso. Ang tanging madalas na kailangan upang maibsan ang bahagyang kawalan ng ginhawa ay mga gamot sa pananakit na nabibili nang walang reseta o hindi matapang na resetang gamot.

## Mga Posibleng Kumplikasyon

- Mga kumplikasyong kaugnay sa anesthetic
- Pinsala sa kuwelyo ng matris kapag nasugatan ang kuwelyo ng matris

- Pagpepeklat ng balat ng endometrium
- Impeksiyon sa matris o fallopian tubes
- Pagkabutas ng matris (butas sa matris) na humahantong sa posibleng pagkabutas ng bituka o malakas na pagdurugo sa matris
- Pagdurugong maaaring mangailangan ng pagsasalin ng dugo
- Pinsala sa omentum ng bituka, mesentery, ureter, pantog, at fallopian tube
- Pagkatusok ng matris
- Sa kaso ng malubhang pinsala o pagdurugo, posibleng pangangailangang buksan ang tiyan at tahiin ang sugat sa matris
- Posibleng pangangailangang pagtanggal sa matris ( hysterectomy )

## Karaniwang Pananatili sa Ospital

Wala

## Pag-aalaga Pagkatapos ng Operasyon

Pagkatapos ng proseso, dadalhin ka sa kuwarto kung saan magpapagaling. Pagkatapos ng ilang sandali, maaari ka nang umalis.

- Planuhing magkaroon ng kasama para sa paglalakbay.
- Maaaring may ilang pagduduwal mula sa anesthesia.
- Maaaring maranasan ang bahagyang pamumulikat ng matris. Maaaring magbigay ang doktor ng gamot sa pananakit para sa kawalan ng ginhawang ito.
- Karaniwang makakaranas ng pagdurugo sa puwerta at paglabas ng likido nang ilang sandali.
- Karaniwan, maaaring umpisahan ang normal na gawain pagkatapos ng ilang araw.
- Iwasan ang paglalagay ng anuman sa loob ng puwerta hanggang ibilin ng doktor dahil nabuksan ang kuwelyo ng matris at maaari nitong hayaang makapasok ang bacteria papunta sa matris.
- Mabubuo muli ang endometrium sa susunod na buwan. Maaaring hindi regular ang susunod na panahon ng pagreregla. Maaaring maantala o mapaaga ito.

**Resulta**
Karaniwang nagtatagal nang dalawang araw para matanggap ng iyong doktor ang ulat ng laboratoryo. Sa iyong susunod na pagbisita, gagawa ang iyong doktor ng mga rekomendasyon para sa anumang karagdagang paggamot. Kadalasang nakakabalik ang mga pasyente sa hindi nakakapagod na trabaho pagkatapos ng dalawa o tatlong araw.

**Tawagan Ang Iyong Doktor Kung Mangyayari Ang Alin Man sa Mga Sumusunod**

- Lagnat
- Tumitinding pananakit ng tiyan
- Malakas na pagdurugo sa puwerta (higit sa isang pasador kada oras)
- Mabahong likido galing sa puwerta

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

**Pagkukunan:** Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008
**Numero ng Item:** 2010052410